**Gulugod sa Pagsibol ng Binhi**

*"Ang lupa mismo ang nagpapasibol sa halaman, una ang usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay ang uhay na hitik sa butil. Ngunit kapag hinog na ang bunga, agad niyang kinukuha ang karit, sapagkat dumating na ang pag-aani.*" (Marcos 4:28-30)

Noong unang beses akong nakatuntong sa kanayunan, mga walong taong gulang pa lamang ay nasaksihan ko ang buhay, dalawang henerasyon ng aming pamilya bago ang aking pag-iral. Sina Lolo at Lola ay may magagaspang na kamay, bagay na hindi kataka-taka dahil sa kanilang kasipagan. Mga kamay nila ay ginagamit sa pakikibaka kahit sa ilalim ng tirik na tirik na araw o ng malakas na bugso ng ulan. Isa ang aking angkan sa mga magsasaka ng nagdaang taon.

Lumaki ako sa siyudad. Hindi katulad nina Lolo at Lola na nagbabanat ng buto sa maghapon. Higit na magaan ang aking mga gawain. Nanlalambot na mga palad ang karaniwang mayroon ang mga tulad kong umiikot ang buhay sa gawaing pampaaralan. Isang bagay ang madalas na nasa aking mga kamay. Ang mga libro. Natatandaan ko pa nang balumbong mga aklat-pambata ang ibinili sa akin ni Ina noong nagsisimula pa lang ako. Nariyan ang pantigang abakada, bugtong, tula at kwentong-bayan. Tuwing gabi, pagkagaling niya sa trabaho ay binabasahan niya ako ng kuwento na parang hele ng ina sa kaniyang sanggol, kaya sabik ako sa kaniyang pag-uwi. Dahil sa malamyos niyang tinig, halos di ko namamalayang pagkatapos ng buong araw na pananabik sa kanya ay unti-unti na rin at tuluyan na kong dinalaw ng malalim na pagkakaidlip.

Nakintal din sa aking isipan ang mga *fairy tales* sa *story book* na kasama ko hanggang sa ako ay magkamuwang sa mundo. Mga Koleksyon ng *Hansel and Gretel*, *Peter Pan*, *Cinderella*, *Little*

*Mermaid* at iba pa. Magpahanggang ngayon, pinanghahawakan ko pa rin ang sinabi ni *Peter Pan* na makalilipad ka kung iisipin mo ang tanging magagandang bagay na makapagpapasaya sa iyo. Mapalad ako marahil dahil sa mura kong isipan tumatak na sa akin ang interes at gawi sa pagbabasa ng aklat. Dahil dito, madalas kaming namamasyal ni Ina sa mga *bookstore* ng mga mall. Ang mga librong maayos na nakahilera o kung minsan ay maingat na nakatalunton sa mga nagtataasang istante ay dahan-dahang pinadadapuan ko ng aking mga mata. Marahan kong tinititigan ang pabalat, inaasahang may makulay at mainam na katha ang makabibighani sa musmos kong isipan na halos tigib ng pagkamangha.

Pamilyar na tuloy ako sa amoy na dulot ng mga *bookstore* nang ako'y magkaedad. Ang mga librong nakalagak dito ay mahalimuyak na mula sa mga papel parisukat na yari sa *vellum* (gawa sa balat ng hayop katulad ng guya) at *lignin* (organikong materyal sa balat ng kahoy). Nais ko rin ang amoy at itsura ng mga lumang librong kumapal na sa tagal ng panahon o sa ilang ulit na pagbabasa rito. Sa bahay nila Lola madalas naiiwan ang bakas ng mga luma ngunit mahuhusay na mga libro. Tuwing makakabisita kami, paborito kong basahin ang lumang ensiklopedya dahil tila may naiiwan sa pagitan ng mga pahina- ang saya, lungkot, at mga alaala sa siklo ng kanilang naging kabataan. Lagi kaseng iniipit ni Lola ang magagandang bulaklak na nakikita niyang nalalaglag sa bakuran upang patuyuin ito. Maging ang maliliit na kard na ginawa mismo ng masining niyang mga kamay at mga retasong pangdekorasyon na ginupit niya sa magasin at karton. Nakatutuwa sapagkat kayang maipreserba’t mapanatili ng libro ang mga bagay, higit ang gunita ng kahapon.

*Bakit ako laging nagbabasa?* Ang malaking katanungan para sa akin noon ngunit maaaring napagtanto ko na ang kasagutan. Ngayon ay hindi nang dahil sa makukulay na pabalat o sa mga bagay na nagpapaaliw, kundi dahil sa magagandang kuwentong hatid ay inspirasyon. Dahil ang mga libro ay totoo kong kaibigan na nais kong ipunin. Dahil tila humihinto ang paghahabulan ng tatlong kamay ng orasan at maging ang pag-inog ng mundo sa sandaling sinimulan ko ang pagbabasa- ang oras na alay ko sa sarili. Dahil nais kong matuto, mapalawak ang kaalamang taglay at maibahagi ito sa ibang tao. Dahil hangad ko ang pasulong na takbo ng buhay imbis na paurong. Dahil tayong kabataan ang siyang gulugod, ang lakas, ang pundasyon at ang binhi.

Ang pagbabasa ng aklat ay mistulang pagsasaka. Tayong kabataaan ang mga butil na ipinunla sa isang malawak na kaparangan na kung lilinangin habang mura pa lamang ay sisibol at magbibigay ng magandang ani. Mga binhing lalago kung naitanim sa atin ang kagawiang magbasa ng mga libro habang maaga pa o sa panahon pa lamang ng kamusmusan. Sa ganitong paraan, mapapaangat ang kalidad ng taniman- ang buhay.

Higit na mapalad ang kasalukuyang henerasyon. Sa pagsulpot ng makabagong teknolohiya at inobasyon, maraming seleksyon na ng libro ang maaaring magamit ng kabataan kagaya ng mga nada-*download online* o *ebooks* na nangangailangan lamang ng *reader app* base sa *format* nito at *audiobooks* na handa nang i-*play* at pakinggan sa isang *click* lamang. Subalit walang makakapantay sa pakiramdam na dulot, pagiging mas komprehensibo at pamilyar na bango ng mga pahinang nagmumula sa kwadrado't parisukat o parihabang nakalimbag na mga aklat. Nang minsang tanungin ng isang estudyante ang matagumpay na negosyanteng si Bill Gates, kung

papipiliin siya ng kapangyarihan, walang pag-aatubiling sinabi niyang "*Makapagbasa nang napakabilis."* Nakapagtataka subalit malinaw sa aking pagkakaunawa ang katotohanang dapat kabahagi ang kasanayang ito sa ating kagawian, upang maging ganap at magpunyagi.

Ngunit sa pag-usbong din ng bagong milenya at sa kapanganakan ng *internet*, nagsulputan ang maraming kabataang mas tinatangkilik ang mga elektronikong bagay para matuto, malibang o makapagpalipas oras. Mga mata nila'y nanlalabo na at mga katawa'y hinina na sa katututok sa telebisyon, *cellphone*, *tablet*, kompyuter at laptop. Sa umaga't magdamag, ano bang pinagkakaabalahan nila? Gumigising at bumabangon sila para mag-*online*, para mag *status update*, para magbasa ng *blogposts*, para ilabas ang hinaing, para maging-*in* at makasunod sa uso. Sinong hindi nabubuyo? Maging ako, tayo- tayo ang kasalukuyang saksi sa hindi kaaya-ayang bunga ng mga binhi. Mistulang binhing nalason ng matinding kemikal ang modernong kabataan.

May kabataan pa bang nananatiling gising sa kalagitnaan ng gabi at nagpapakapuyat para gumawa ng mataas na pagpapahalagang bagay, gaya ng magbasa ng pambihira at kawili-wiling libro? Mayroon pa bang nakakaidlip sa tabi ng kanilang paboritong libro matapos itong basahin at yapusin ng antok? Marahil konti na lang sila.

Ipamamalas ng pelikula ang kagandahan ng tagpo, ng tugtugin at husay ng pag-arte. Ngunit sasamahan ka ng libro na malayang ipinta ang larawan, maglakbay sa mundong di napupuntahan at di nakikita. Makakakilala ka ng mga kaibigan sa *social networking sites* subalit hindi lahat sila ay totoong sandalan, samantalang nariyan ang mga libro kahit sa panahong halos talikdan ka ng lahat. Gayunpaman, hindi lahat ng punlaan ay angkop sa lahat ng binhi. Wika nga ni Cassandra

Clare, isang bantog na nobelista at manunulat, *"Maging maingat sa mga libro at sa nilalaman nito. Sapagkat ang mga salita'y may kapangyarihang makapagpabago."*

Ang kabataan, kagaya ng mga butil ng punla ay sensitibo sa sakit, sa labis na init, lamig, hangin, tubig, sa tagtuyot o tag-ulan, sa pabago-bagong panahon, lalo't higit sa mga natural na kalamidad. Ang banta ng modernisasyon ay di kayang mahinto dahil parte ito ng siklo ng buhay-ang nakalulunod na pagbabago at pagtalikod sa nakagisnan. Ang solusyon na lamang ay tamang timpla ng init at lamig, ng hangin, tubig, ng abono at higit sa lahat, ang husay ng tagapaglinang-ang mga magulang, guro, tunay na mga literado't edukado. Lahat tayo ay may gampaning ikintal sa ating isipan ang gawi at kahalagahan ng pagbabasa habang tayo'y may kakayahan.

May natitira pa bang katulad ni Efren Peñaflorida na simbolo ng kabayanihan para sa mga kabataang Pilipino? o ni Fructuosa Alma "Neneng" Olivo para sa mga kabataang Badjao? Patuloy akong kakapit sa paniniwalang may magpupunla sa tumutubong binhi.

Ang libro ay katipunan at pinagtagpi-tagping kuwento ng sangkatauhan, ang kanlungan sa mga naghahanap nito at ang pagkain ng isip, puso at kaluluwa. Ang pagbabasa ng libro ay pangunahing midyum ng komunikasyon na behikulo ng kaalaman, daluyan ng karanasan at bukal ng imahinasyon.

Ang kabataan ang siyang gulugod, ang lakas, ang pundasyon at ang binhi.

Katulad ng isang magsasakang umaani ng kaniyang pananim nang masagana at labis-labis sa panahon ng tag-araw, halina't magtanim.